

**Isang balangkas ng mga paksa na sakop ng ikatlong ulat ng
Espesyal na Administratibong Lungsod ng Hong Kong sa ilalim ng
Kasunduan sa Karapatan ng Bata**

Panimula

Ang Pamahalaan ay naghahanda na magsumite ng ikatlong ulat ng Espesyal na Administratibong Lungsod ng Hong Kong (“HKSAR”) sa ilalim ng *Kasunduan sa Mga Karapatan ng Bata* (“ang Kasunduan”)¹ ng Mga Nagkakaisang Bansa (“UN”). Ito ay magiging bahagi ng pinagsamang ikalima at ika-anim na ulat ng People’s Republic of China (“PRC”) sa ilalim ng Kasunduan.

2. Ang ulat ay pangunahing binubuo ng –
 - (a) impormasyon tungkol sa anumang bagong mga hakbang na ipinatupad at anumang makabuluhang mga kaunlaran mula nang isinumite ang ikalawang ulat ng HKSAR noong Hulyo 2010 (“ang nakaraang ulat”) bilang bahagi ng pinagsamang ikatlo at ika-apat na ulat ng PRC; at
 - (b) mga tugon sa mga rekomendasyong ginawa sa Mga Pangwakas na Obserbasyon ng Komite ng UN sa Mga Karapatan ng Bata (“ang Komite”) sa nakaraang ulat (“ang Mga Pangwakas na Obserbasyon”, sa **Annex**).
3. Ang kaayusan ng ulat ay sumusunod sa *mga patnubay*

¹ Ang Kasunduan ay iniabot sa Hong Kong noong 1994. Noong ika-10 ng Hunyo 1997, ang Pamahalaan ng PRC ay inabisuhan ang Secretary-General ng UN na ang Kasunduang pinagtibay ng PRC noong 1992, kasama ang mga paglalaan at deklarasyong ginawa ng PRC para sa at sa ngalan ng HKSAR, ay mailalapat sa HKSAR na may bisa mula ika-1 ng Hulyo 1997. Sa pamamagitan ng Pamahalaan ng PRC ang abiso sa Secretary-General ng UN noong ika-10 ng Abril 2003, ang nabanggit na mga paglalaan at deklarasyon ay bahagyang inurong. Ang Artikulo 44 ng Kasunduan ay nagsasaad sa mga obligasyon ng Mga Partido ng Estado na magsumite ng pana-panahong ulat sa mga inilapat na mga hakbang na nagbibigay ng pagsulong sa paggamit ng mga karapatang kinikilala dito. Ang ulat ng HKSAR sa ilalim ng Kasunduan ay isinumite sa UN bilang bahagi ng ulat ng PRC.

kaugnay ng kasunduan patungkol sa kaayusan at nilalaman ng mga pana-panahong ulat na isusumite ng mga partido ng mga Estado sa ilalim ng artikulo 44, talata 1(b), ng Kasunduan sa Mga Karapatan ng Bata (“ang Mga Patnubay”) na ibinigay ng Komite. Ang Mga Patnubay ay nagbibigay din ng tagubilin sa pag-ulat ng mga istatistikal na impormasyon, na pinaghiwa-hiwalay ng kaugnay na pamantayan, sa mga magkaibang annex.

4. Alinsunod sa itinatag na kaugalian, ang balangkas ng ulat ay nakalagay sa talata 6 - 60 sa ibaba, tinutukoy nito ang mga pamagat ng paksa at mga indibidwal na bagay na balak naming talakayin, upang mapadali ang pagbubuo ng ulat at maanyayahan ang mga pananaw ng publiko.

5. Ang mga sanggunian ay ginawa sa nakaraang ulat na isinumite noong Hulyo 2010, na isinaalang-alang ng Komite noong Setyembre 2013. Ang nakaraang ulat ay makikita sa websayt na ito ng Kawanihan: https://www.cmab.gov.hk/en/issues/child_report2.htm.

Para sa dagdag na sanggunian, ang paunang ulat ng HKSAR, na isinumite bilang bahagi ng ikalawang ulat ng PRC noong Hunyo 2003 at isinaalang-alang ng Komite noong Setyembre 2005, ay makukuha rin sa aming websayt:

http://www.cmab.gov.hk/en/issues/child_report.htm.

Mangyaring sumangguni rin sa aming websayt para sa nilalaman ng Kasunduan at pahayag tungkol sa pagpapatupad nito sa HKSAR:

http://www.cmab.gov.hk/doc/en/documents/policy_responsibilities/crc.doc.

Iminungkahing Balangkas ng Ikatlong Ulat ng HKSAR Sa Ilalim ng Kasunduan

Bahagi I: Karaniwang Pangunahing Dokumento ng HKSAR

6. Ang “Pangkalahatang Pangunahing Dokumento” ay sumusunod sa karaniwang ayos, anyo at nilalaman tulad ng iniutos *Mga*

Pinagtugmang Patnubay sa Pag-uulat sa ilalim ng Mga Pandaigdigang Kasunduan sa Karapatang Pantao ng Mga Nagkakaisang Bansa. Ang bahaging ito ng ulat ay naglalaman ng pangkalahatan at makatotohanang uri ng impormasyon kaugnay sa pagpapatupad ng mga kasunduan sa karapatang pantao sa HKSAR.

Bahagi II: Pagpapatupad ng Kasunduan sa HKSAR

7. Sa halip na sumunod sa kaayusang sunod-sunod na artikulo, ang mga partikular na impormasyon kaugnay sa pagpapatupad ng Kasunduan sa HKSAR ay iuulat ayon sa “mga kumpol” – mga probisyong ipinagpangkat ayon sa kanilang tema. Ang pagpapangkat at kaayusan ng mga kumpol ay sumusunod sa mga nabanggit na Patnubay sa itaas, at ang ilang mga artikulo ay maaaring itampok sa ilalim ng mahigit sa isang kabanata. Nagpatupad din ang UN ng hangganang 21,200 na salita upang mag-ulat sa lahat ng tema sa ilalim ng Kasunduan.

I. Pangkalahatang mga hakbang sa pagpapatupad (Artikulo 4, 42 at 44(6))

8. Ang bahaging ito ay may kinalaman sa balangkas ng HKSAR sa pagtiyak ng pagpapatupad ng Kasunduan, pati na rin ang mga hakbang upang maging mas makilala ang mga itinakda nito. Kami rin ay magbibigay ng anumang balita sa aming posisyon sa mga paglalaan at deklarasyon kaugnay sa Kasunduan, kabilang ang tugon sa talata 7(a) ng Mga Pangwakas na Obserbasyon patungkol sa Artikulo 32(2)(b) at 37(c). Kabilang sa sangkap ng kabanatang ito –

A. Artikulo 4: Pagpapatupad ng mga karapatan

9. Iuulat namin na ang Komisyon sa Mga Bata ay itinatag upang maiugnay ang mga patakaran at bumuo ng mga pamamaraan para sa kagalingan ng mga bata, kasama ang napapanahong impormasyon sa kaugnay na batas, mga serbisyo publiko, paglalaan ng mapagkukunan, pamamaraan ng pagsusubaybay at mga pagsisikap na makipagtulungan

sa sibil na lipunan. Ang tugon sa mga talata 7(b), 11, 14(c), 18 at 20 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon ay isasama.

B. Artikulo 42 at 44(6): Pagpapakalat ng Kasunduan at ulat

10. Aming papayuhan ang Komite sa mga kaunlaran ng pampublikong edukasyon at mga hakbang sa pagsasanay kaugnay sa pagtataguyod ng mga karapatan ng mga bata. Na may pagsasangguni sa itinatag na kaugalian, ang pakikipag-ugnayan sa publiko tungkol sa ulat ng HKSAR ay titiyakin sa pamamagitan ng bukas na konsultasyon, talakayan sa Kahukuman ng Batasang Konseho, mga NGO na stakeholder at iba pang magagamit na mga pamamaraan.

II. Kahulugan ng “bata” (Artikulo 1)

11. Sa bahaging ito, magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa kahulugan ng bata sa ilalim ng batas ng HKSAR, pati na rin kung paano makikinabang ang mga bata mula sa proteksyon at magamit ang kanilang mga karapatan hanggang sa mayor de edad na 18 taong gulang.

12. Habang ang aming pangkalahatang posisyon ay nananatili tulad ng nakasaad sa talata 79 ng nakaraang ulat, isasama namin ang anumang mga balita sa mga kaugnay na mga bahagi tulad ng libreng edukasyon, mga batas kaugnay sa sekswal, pagpigil sa pornograpiya ng bata, kriminal na pananagutan, mga batang nagkasala, pagpasok sa mga nasasakupang lugar, atbp.

III. Pangkalahatang Mga Prinsipyo (Artikulo 2, 3, 6 at 12)

13. Saklaw ng bahaging ito ang balangkas pati na rin ang pagsasabatas, administratibo o iba pang mga ipinatupad na hakbang upang mapanatili ang mga pangunahing prinsipyo ng Kasunduan, tulad ng –

A. Artikulo 2: Walang diskriminasyon

14. Aming ipapaalam sa Komite ang anumang kaunlaran sa pagsasabatas, administratibo at ibang mga ipinatupad na hakbang upang maprotektahan ang mga bata laban sa lahat ng uri ng diskriminasyon sa ilalim ng ligal at institusyonal na balangkas para sa pagtataguyod ng pantay na mga oportunidad tulad ng nakalagay sa mga kamakailang ulat ng HKSAR. Ang tugon ay ilalagay sa talata 30 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

B. Artikulo 3: Higit na interes ng bata

15. Ang higit na interes ng bata ay palaging mahalaga sa pagsasaalang-alang para sa mga institusyong kapakanang panlipunan ng HKSAR, mga hukuman ng batas, administratibong awtoridad at mga katawan ng batas. Ipapaalam namin sa Komite ang anumang mahahalagang kaunlaran sa mga bahagi tulad ng pagbibigay ng mga serbisyong pampamilya/kalusugan, paglalapat ng hustisya sa bata at edukasyon, at tumugon sa talata 32 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

C. Artikulo 6: Ang karapatang mabuhay, kaligtasan sa buhay at pag-unlad

16. Sa HKSAR, ang karapatang mabuhay ay iniingatan sa konstitusyonal na antas. Magbibigay kami ng mga balita sa mga kaungay na isyu tulad ng mekanismo sa pagsusuri, pagrerehistro at imbestigasyon ng pagkamatay ng bata.

D. Artikulo 12: Paggalang sa pananaw ng bata

17. Magbibigay kami ng impormasyon sa mga pamamaraang naririyang para sa pagpapahayag ng mga bata ng kanilang mga pananaw sa pamamagitan ng pagkikiugnay sa mga stakeholder, mga paaralan pati na rin ang mga tinukoy na mga pamamaraan sa serbisyong panlipunan at mga pasilidad ng koreksyunal. Ang mga tugon ay ilalagay sa talata 38 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

IV. Mga karapatang sibil at kalayaan (Artikulo 7, 8, at 13-17)

18. Ang mga pangunahing karapatan at kalayaan ng mga bata sa Hong Kong ay nananatiling protektado sa konstitusyonal na antas sa ilalim ng Batayang Batas, pati na rin sa Ordinansa ng Katipunan ng Mga Karapatan sa Hong Kong at iba pang mga piraso ng mga domestikong pagsasabatas. Ang aming posisyon ay karaniwang nananatiling tulad ng ipinaliwanag sa nakaraang ulat para sa mga usaping nauugnay sa kabanatang ito, kabilang ang –

A. Artikulo 7 at 8: Pangalan, nasyonalidad at pagpapanatili ng pagkakakilanlan

19. Aming ipapaalam sa Komite ang anumang malaking kaunlaran sa pagrerehistro ng mga bata sa kapanganakan o sa ibang kaugnay na mga kalagayan, upang maingat ang kanilang karapatan sa isang pangalan, nasyonalidad at mga relasyon sa pamilya.

B. Artikulo 13: Kalayaan sa pagpapahayag

20. Magbibigay kami ng anumang balita sa paggamit ng mga bata ng kanilang kalayaang humanap, tumanggap at magbahagi ng impormasyon at mga ideya sa HKSAR, na napapailalim sa ilang mga mahalagang kahigpitan tulad ng iniutos ng batas.

C. Artikulo 14: Kalayaan sa pag-iisip, konsensya at relihiyon

21. Magbibigay kami ng anumang impormasyon sa mga makabuluhang hakbang na ipinatupad upang matiyak ang paggalang sa kalayaan ng mga bata sa pag-iisip, konsensya, at relihiyon, at ang kanilang kalayaang ipakita ang relihiyon o mga paniniwala na maaaring mapailalim sa ilang mga mahalagang kahigpitan lamang tulad ng iniutos ng batas.

D. Artikulo 15: Kalayaan sa pagsasamahan at sa mapayapang pagpupulong

22. Ipapaalam namin sa Komite ang paggamit ng mga bata ng kanilang kalayaan sa pagsasamahan at mapayapang pagpupulong, kung saan ang mga makatwirang mahalagang kahigpitan lamang ang maaring ipataw na naaayon sa batas.

E. Artikulo 16: Proteksyon ng pribasiya

23. Babalitaan namin ang Komite sa mga ipinatupad na hakbang upang maprotektahan ang mga bata mula sa di-makatwiran o labag sa batas na panghihimasok sa kanilang pribasiya, pamilya, tahanan o pagsusulatan at labag sa batas na pag-atake sa kanilang karangalan o reputasyon.

F. Artikulo 17: Pag-access sa naaangkop na impormasyon

24. Mag-uulat kami tungkol sa mga pagsisikap na ginawa upang ipakalat ang magkakaiba at kapakipakinabang na impormasyon sa mga bata sa pamamagitan ng mga plataporma ng mass media, access sa internet, atbp., upang maprotektahan rin sila mula sa materyal na nakakapinsala sa kanilang kagalingan.

V. Karahasan laban sa mga bata (Artikulo 19, 24(3), 28(2), 34, 37(a) at 39)

25. Ang mga hakbang sa pag-iwas, pagpapatupad at suporta upang protektahan ang mga bata mula sa iba't ibang uri ng karahasan ay ibinahagi sa maraming mga seksyon sa ilalim ng nakaraang kaayusan ng ulat, at, para sa ulat na ito, ay kokoleltahin sa isang kabanata ayon sa sumusunod –

A. Artikulo 19 at 24(3): Abuso, kapabayaang at nakakapinsalang mga kaugalian

26. Magbibigay ng mga balita tungkol sa ipinatupad na mga hakbang sa pagsasabatas at administratibo upang maprotektahan ang mga bata mula sa abuso at masuportahan ang mga biktima ng

pang-aabuso sa bata. Maaring kabilang dito ang mga pamamaraan sa pangangasiwa ng kaso, pagsasanay para sa mga propesyonal sa pangangalaga ng bata, pampublikong edukasyon, mga serbisyong pampamilya, mga helpline para sa mga bata atbp. Ipapaalam din namin sa Komite na ang mga bata sa HKSAR ay mananatiling ligtas mula sa mga mapanganib na mga tradisyunal na gawain.

B. Artikulo 34: Seskwal na pananamantala at pang-aabuso

27. Babalitaan namin ang Komite sa anumang mga kaunlaran sa ligal na proteksyon, pati na rin ang pagpapatupad ng batas, mga hakbang sa edukasyon at suporta, upang mapigilan ang sekswal na karahasan laban sa mga bata, kabilang ang pornograpiya sa mga bata at sekswal na pananamantala sa Internet. Ang tugon ay ilalagay sa talata 46 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

C. Artikulo 37(a) at 28(2): Ang karapatang hindi mapailalim sa pagpapahirap o iba pang malupit, hindi makatao o nakakahiyang pagtrato o parusa, kabilang ang parusang pananakit

28. Mag-uulat kami sa anumang kaunlaran kaugnay sa pagpapatupad ng Kasunduan Laban sa Pagpapahirap at Iba Pang Malupit, Hindi Makatao o Nakahihiyang Pagtrato o Parusa sa HKSAR, pati na rin ang mga programa upang matiyak ang hindi marahas na pagdidisiplina sa mga pamilya, paaralan at institusyon, lalu na sa mga institusyong koreksiyunal. Ang tugon ay ilalagay sa talata 7(c) ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

D. Artikulo 39: Paggaling at pagsama sa lipunan

29. Ang mga hakbang sa pagtataguyod ng pisikal/sikolohikal na paggaling at pagsama sa lipunan ng mga batang biktima ay pangkalahatang saklaw ng mga bahagi sa itaas o sa Kabanata IX ng ulat.

VI. Kapaligirang may pamilya at alternatibong pangangalaga
(Artikulo 5, 9-11, 18(1)-(2), 20, 21, 25 at 27(4))

30. Ang bahaging ito ay sumasaklaw sa mga serbisyong pangmagulang at pampamilyang naririyan sa HKSAR, kabilang ang kaayusan para sa mga batang nasa kalagayan ng magkakaibang alternatibong pangangalaga. Ang umiiral na balangkas ay patuloy na nagbabago upang umangkop sa pagbago-bagong mga pangangailangan tulad ng itinakda sa ibaba –

A. Artikulo 5 at 18(1)-(2): Patnubay ng magulang at mga responsibilidad

31. Ilalarawan namin ang suporta para sa mga magulang/tagabantay sa pagpapanatili ng isang kapaligirang may pamilya at pagsasagawa ng kanilang karaniwang responsibilidad sa pangangalaga sa mga bata habang umuusbong ang kanilang mga kakayahan. Kabilang nito ang anumang mga kaunlaran sa gawain ng Konseho ng Pamilya, mga serbisyo sa pamilya, edukasyon sa buhay ng pamilya at iba pang mga serbisyong tulong sa pangangalaga ng bata sa mga magulang.

B. Artikulo 9: Pagkahiwalay sa mga magulang

32. Ipapaalam namin sa Komite ang anumang mga balita sa mga batas kaugnay sa pangangalaga ng bata at kustodiya, pati na rin ang mga hakbang upang maprotektahan ang mga batang nahiwalay sa kanilang mga magulang mula sa naturang mga kalagayan tulad ng solong kustodiya at detensyon, kabilang ang kaayusan para sa mga batang nakatira sa bilangguan kasama ang kanilang mga ina.

C. Artikulo 10: Muling pagsasama-sama ng pamilya

33. Magbibigay kami ng mga balita sa mga serbisyong naririyan sa mga batang bagong dating at mga pamilyang nakatira sa labas ng border, pati na rin ang tugon sa talata 51 ng Mga Pangwakas na

Obserbasyon.

D. Artikulo 27(4): Pagkuha ng sustento sa bata

34. Iuulat namin ang mga balita mula pa noong nakaraang ulat para sa mga hakbang upang matiyak ang pagkuha ng sustento para sa bata mula sa mga magulang o ibang taong mayroong pinansyal na responsibilidad para sa bata.

E. Artikulo 20 at 25: Mga batang pinagkaitan ng kapaligirang may pamilya at pana-panahong pagsusuri ng kalagayan

35. Babalitaan namin ang Komite sa mga hakbang sa pagprotekta ng mga bata na pansamantala o permanenteng pinagkaitan ng kapaligirang may pamilya, kaiblang ang pagkalagay sa mga institusyon o mga tahanan sa pangangalaga, pati na rin ang mekanismo sa pagtiyak na ang mga bata ay inilagay sa angkop na pangangalaga. Ang tugon ay ilalagay sa talata 55 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

F. Artikulo 21: Pag-aampon

36. Magbibigay kami ng anumang balita sa pagsasabatas at mga patakaran kaugnay sa parehong pag-aampon sa loob at labas ng bansa. Ang tugon ay ilalagay sa talata 57 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

G. Artikulo 11: Bawal na paglipat at hindi pagbabalik

37. Iuulat namin ang anumang kaunlaran kaugnay ng pagsasabatas at ibang mga hakbang para labanan ang pandaigdigang pagdukot ng mga bata sa HKSAR.

VII. Kapansanan, pangunahing kalusugan at kapakanan (Artikulo 6(2), 18(3), 23, 24, 26, 27(1)-(3) at 33)

38. Saklaw ng bahaging ito ang magkakaibang mga programa at institusyon na naninilbihan upang maingat ang pangunahing

kalusugan at sapat na pamantayan sa pamumuhay para sa bawat bata sa HKSAR. Ang pinaghalong mga matagal nang panukala at mga bagong inisyatibo ay ang nagpapatupad sa mga mahahalagang proteksyon –

A. Artikulo 23: Mga batang may kapansanan

39. Alinsunod sa Kasunduan sa Mga Karapatan ng Mga Taong May Kapansanan, kami ay nakatuon sa pagkilala ng mga natatanging pangangailangan ng mga batang may kapansanan at turuan ang publiko hinggil dito. Babalitaan rin namin ang Komite sa mga pansuportang hakbang para sa mga batang may kapansanan na makilahok sa komunidad. Ang tugon ay ilalagay sa talata 61 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

B. Artikulo 6(2): Kaligtasan sa Buhay at Kaunlaran

40. Magbibigay kami ng anumang balita tungkol sa pagkamatay ng sanggol, proteksyon ng ina at iba pang mga isyu na maaaring sanhi ng pagkamatay ng bata, tulad ng sakit, trapiko o iba pang mga sakuna, krimen atbp.

C. Artikulo 24: Kalusugan at mga serbisyong pangkalusugan

41. Babalitaan namin ang Komite sa malawakang saklaw ng pangunahing pangangalaga ng kalusugan, pangangalaga sa pag-iingat, mga serbisyo sa ospital at klinika ng spesyalista, pampublikong edukasyon, at ibang mga programa na tumutugon sa mga isyung kaugnay ng kalusugan ng mga bata tulad ng pagpapabakuna, kalusugan ng bibig, polusyon sa kapaligiran, kaligtasan ng pagkain, pagpigil sa mga nakakahawang sakit, kakulangan sa nutrisyon at labis na katabaan, pagtataguyod ng pagpapasuso, kalusugang pangkaisipan, HIV/AIDS, pati na rin ang kabataang nahaharap sa panganib sa kalusugan kaugnay ng pagdadalang tao sa murang edad, paninigarilyo, pag-inom ng alak, atbp. Ang tugon ay ilalagay sa talata 72 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

D. Artikulo 33: Proteksyon mula sa pag-abuso sa sangkap

42. Ang impormasyon sa pagharap sa pag-abuso sa droga sa mga bata at kabataaan ay ibibigay. Kabilang dito ang aming maraming uring paraan sa gawaing kontra-droga, na binubuo ng edukasyon sa pag-iwas at pagsasapubliko, paggamot at rehabilitasyon, pagsasabatas at pagpapatupad ng batas, kooperasyong panlabas at pagsasaliksik.

E. Artikulo 26 at 18(3): Social security and childcare services

43. Ang mga programang seguridad sa lipunan na nagbibigay pakinabang sa mga bata at mga serbisyong pangangalaga sa bata para sa mga nagtatrabahong magulang, ay higit na nasasaklaw sa ibang mga bahagi, at isisingit namin ang sanggunian sa kaugnay na mga talata sa ulat.

F. Artikulo 27(1)-(3): Pamantayan sa pamumuhay

44. Babalitaan namin ang Komtite sa pangkalahatang posisyon ng pamantayan ng pamumuhay sa Hong Kong. Iuulat din namin ang anumang kaugnay na kaunlaran sa gawain ng Komisyon sa Kahirapan, at ang pagpapatupad ng Batas sa Pinakamababang Sahod pati na rin ang mga hakbang upang maingat ang mga bata patungkol sa paglapit sa kapakanang panlipunan, pabahay, nutrisyon, transportasyon, at mga mahahalagang suplementong pananalapi. Ang tugon ay ilalagay sa talata 74 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

VIII. Edukasyon, libangan at mga gawaing pangkultura (Artikulo 28 - 31)

45. Ang bahaging ito ay tungkol sa mga hakbang sa pagtiyak ng pagpapatupad ng mga patakaran, pagpapanatili ng mga pamantayan sa kalidad, sapat na mapagkukunang pinansyal at mga tao, para sa mga bata sa Hong Kong na magkaroon ng ganap na kasiyahan sa –

A. Artikulo 28: Edukasyon, kabilang ang pagsasanay na bokasyonal

at pagpapatnubay

46. Ang edukasyon ay nananatiling kabilang sa pinakamataas na prayoridad ng Pamahalaan. Higit pa sa balangkas na itinakda sa mga nakaraang ulat, aming ipapaalam sa Komite ang mga kapansin-pansing kaunlaran sa edukasyong paunang primarya, libreng pangkalahatang pangunahing edukasyon, pagtuturo sa maliit na klase, ang Bagong Akademikong Kaayusan, patakaran sa wika ng pagtuturo, reporma ng kurikulum, atbp. Magbibigay din kami ng impormasyon sa bokasyonal na pagsasanay.

47. Bilang karagdagan sa mahalagang kaunlaran, mag-uulat kami sa mga balita tungkol sa mga hakbang ng suporta kaugnay sa tulong na pinansyal, pati na rin ang mga problema tulad ng pagbagsak sa skwela at pang-aapi. Target na mga hakbang upang tulungan ang mga mag-aaral na may natatanging pangangailangan sa edukasyon, mga mag-aaral na may talento, mga batang bagong dating mula Mainland China, kabilang din ang mga batang hindi nakapagsasalita ng Tsino at mga mag-aaral na nakatira sa labas ng border. Ang tugon ay ilalagay sa talata 78 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

B. Artikulo 29: Mga hangarin ng edukasyon

48. Ang aming mga hangarin sa edukasyon ay nagsisilbi sa buong kaunlaran ng bata, tulad ng ipinaliwanag sa nakaraang ulat. Ipapaalam namin sa Komite ang mga hakbang na nagpapahusay sa kalidad ng edukasyon, kabilang ang pagsasanay sa mga guro, pati na rin ang anumang kaunlaran sa edukasyong sibiko at ang paglinang sa naturang mga mahahalagang konsepto tulad ng karapatang pantao, kontra-disriminasyon, pagkakakilanlan sa kultura, mga pambansang katangian at paggalang sa natural na kapaligiran.

C. Artikulo 31: Libangan, mga gawaing pangkasiyahan at pangkultura

49. Ang karapatan ng mga batang maglibang ay nakatanggap ng

karagdagang pansin sa komunidad sa mga nagdaang taon. Magbibigay kami ng mga balita sa mga magkakaibang inisyatibo sa pagtataguyod ng sining, kultura, palakasan at extra-kurikular na mga gawain, kabilang ang mga pagtatanghal at programang pagkamalikhain para sa mga bata, mga pagbisita sa pamana, mga pasilidad ng palakasan at mga programang palakasan sa paaralan, mga serbisyong silid aklatan, mga pasilidad sa paglalaro ng mga bata, atbp.

D. Artikulo 30: Mga batang kabilang sa mga pangkat na katutubo o minorya

50. Ang mga karapatan ng etniko minoryang bata upang tamasahin ang kanilang sariling kultura, upang ipahayag at isagawa ang kanilang sariling relihiyon at paggamit ng kanilang sariling wika ay nananatiling protektado sa HKSAR. Isisingit namin ang sanggunian sa kaugnay na mga impormasyong ibinigay sa ibang bahagi ng ulat.

IX. Mga hakbang sa espesyal na proteksyon (Artikulo 22, 30, 32-40)

51. Habang ang mga kabanata sa itaas ay nagtatakda ng magkakaibang pagsisikap na matiyak na ganap na maggamit ng bawat bata ang kanilang mga karapatan, ang bahaging ito ay nakatuon sa mga umiiral na hakbang upang maprotektahan ang mga bata sa ilalim ng mga natatanging kalagayan kabilang ang –

A. Artikulo 22: Mga batang refugee

52. Ang mga katiyakan ng mga karapatan at kalayaan sa ilalim ng Batayang Batas ay nalalapat sa lahat ng tao sa HKSAR alinsunod sa batas. Magbibigay kami ng anumang balita tungkol sa tulong sa mga bata ng mga taong may kahilingan laban sa puwersahang pagpapauwi (non-refoulement claimants), at magbibigay ng tugon sa talata 84 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

B. Artikulo 30: Minoryang mga bata, kabilang ang kalagayan sa kalye

53. Ang mga insidente ng mga batang nakatira o nagtatrabaho sa kalye ay bihira sa Hong Kong. Ang mga hakbang sa proteksyon para sa mga bata ng ibang mga pangkat, kabilang ang mga etniko minority, ay saklaw ng ibang mga bahagi ng ulat.

C. Artikulo 32 hanggang 36: Mga batang nasa kalagayan ng pananamantala

54. Ang mga hakbang upang maprotektahan ang mga bata mula sa sekswal na pananamantala (Artikulo 34) at pang-aabuso ay saklaw ng Kabanata V tungkol sa karahasan laban sa mga bata. Habang ang pag-abuso sa sangkap (Artikulo 33) ay binanggit sa sa Kabanata VI mula sa pananaw ng pampublikong kalusugan, aming pupunan ang impormasyon sa proteksyon laban sa pananamantala ng mga bata sa ipinagbabawal na produksyon at pagtutulak ng droga sa ilalim ng bahaging ito.

55. Higit pa rito, ipapaalam namin sa Komite ang mga hakbang laban sa pananamantala sa ekonomiya, kabilang ang pagpapatrabaho sa mga bata (Artikulo 32), tulad ng pagpapatupad ng kaugnay na mga pandaigdigang kasunduan at pagpapatupad ng proteksyon ng batas kaugnay ng Ordinansa sa Pagiging isang Apprentice at Ordinansa sa Pinakamababang Sahod , na naaangkop sa lahat ng mga manggagawa sa Hong Kong kabilang ang mga batang manggagawa.

56. Iuulat din namin ang anumang mga kaunlaran sa mga hakbang upang labanan ang pagbebenta, pagtutulak at pagdukot ng mga bata (Artikulo 35), pati na rin ang proteksyon mula sa anumang uri ng pananamantalang nakakapinsala sa kapakanan ng mga bata (Artikulo 36). Ang tugon ay ilalagay sa talata 91 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon sa posisyon ng HKSAR kaugnay sa *Opsyonal na Protokol ng Kasunduan sa pagbebenta ng mga bata, prostitusyon ng bata at pornograpiya ng bata*.

D. Artikulo 37 at 40: Mga batang sumasalungat sa batas

57. Ang mga pangkalahatang katangian sa paglalapat ng hustisya sa kabataan sa HKSAR, parehong sa ligal na paglilitis at kung saan ang mga batang nagkasala ay pinagkaitang ng kalayaan, ay ipinaliwanag sa mga nakaraang ulat. Aming babalitaan ang Komite sa mga pag-iingat para sa makataong pagtrato at paggalang sa dignidad, pangangatawan sa mga bata sa hukuman at ligal na tulong, pinakamababang edad sa kriminal na pananagutan, at sapat na mga pagpipilian sa paghuhukom na may mga alternatibo sa detensyon/pagkabilanggo.

58. Iuulat namin ang anumang kaunlaran ng mga hakbang sa natatanging proteksyon para sa mga bata na sumasalungat sa batas, kabilang ang paghihiwalay ng mga batang nagkasala mula sa mga nasa wastong edad, pati na rin ang pagsasanay sa mga tagapaglapat ng hustisya sa kabataan. Ang tugon ay ilalagay sa talata 94 ng Mga Pangwakas na Obserbasyon.

E. Artikulo 38: Mga batang nasa armadong hidwaan

59. Sa pagsasaalang-alang ng mga kaugnay na kahulugan o interpretasyon sa ilalim ng pandaigdigang batas, ang HKSAR ay hindi nasasangkot sa armadong hidwaan sa loob ng mahabang panahon. Aming muling kukumpirmahin ang pangako upang matiyak ang proteksyon ng mga bata mula sa mga labanan.

F. Artikulo 39: Paggaling at muling pagsama sa lipunan

60. Sapagkat ang mga hakbang sa pagtataguyod ng pisikal at sikolohikal na paggaling, pati na rin ang pagsama sa lipunan, ng mga batang sumailalim sa karahasan, pananamantala at iba pang mga mapanganib na kalagayan ay pangkalahatang saklaw ng iba pang mga bahagi sa itaas, isisingit namin ang sanggunian sa mga kaugnay na talata ng ulat at idaragdag ang anumang kaunlaran sa rehabilitasyon para sa mga nagkasalang kabataan.

Paanyaya sa mga pananaw ng publiko

61. Inaanyayahan namin ang mga miyembro ng publikong magsumite ng kanilang mga pananaw sa pagpapatupad ng Kasunduan kaugnay ng mga paksang sa itaas, at magmungkahi ng anumang karagdagang paksang dapat isama sa ulat.

62. Sa pagmumungkahi ng mga karagdagang paksa na isasama sa ulat, mangyaring ipahiwatig kung bakit ang mga isyung iyon ay makabuluhan at may kaugnayan sa pagpapatupad ng Kasunduan sa Hong Kong. Ang pagsusumite ay maaaring samahan ng anumang mga pananaw sa paghawak ng Pamahalaan sa mga isyung ito.

63. Mangyaring tandaan ang mga sumusunod na bagay tungkol sa pribasiya ng data –

- Ang pagbibigay ng personal na data ng mga miyembro ng publiko ay sa pagbibigay ng mga pananaw sa balangkas na ito ay kusang loob. Ang mga nakuhang mga pagsusumite at personal na data ay maaaring mailipat sa kaugnay na kawanihan at kagawaran ng Pamahalaan para sa mga layuning may direktang kaugnayan sa paghahanda ng ulat at mga kasunod na pag-aasikaso kaugnay sa ulat. Ang kawanihan at kagawaran ng Pamahalaan na tatanggap ng mga data ay maaari lamang gamitin ang mga data para sa naturang layunin..
- Ang mga pangalan at pananaw ng mga indibidwal at mga organisasyon na magsusumite ng tugon sa balangkas na ito (“mga katugon”) ay maaaring ilathala para makita ng publiko o kung hindi man ay bubuksan upang masiyasat ng publiko, kabilang ang paglalagay sa internet. Maaari naming banggitin ang komento na ipinasa bilang tugon sa balangkas na ito, sa pakikipagtalakayan sa iba, maging sa pribado o sa publiko, o sa anumang kasunod na mga ulat.

- Upang maingatan ang pribasiya ng data ng mga katugon, aming tatanggalin ang mga mahahalagang data ng mga katugon (maliban sa mga pangalan), tulad ng mga tirahan/return address, email address, numero ng ID, numero ng telepono, numero ng fax at mga lagda, kung saan ibinigay, kapag inilathala ang kanilang mga isinumite.
- Igagalang namin ang nais ng mga katugon na manatiling ‘di kilala at/o panatilihing kumpidensyal ang kanilang pananaw, bahagya o buo. Kapag hihilingin ng mga katugon ang ‘di pagpapakilala sa mga pagsusumite, ang kanilang mga pangalan ay aalisin kapag inilathala ang kanilang mga pananaw. Kung hihilingin ng mga katugon na maging kumpidensyal, ang kanilang mga isinumite ay hindi ilalathala. Kapag hindi hihilingin ng mga katugon ang ‘di pagpapakilala o pagiging kumpidensyal ng kanilang mga pagsusumite, ipapalagay na ang mga katugon ay maaaring pangalanan at maaaring ilathala ng buo ang kanilang pananaw.
- Sinumang katugon na magbibigay ng personal na data sa isinumite sa Kawanihang ito ay magkakaroon ng mga karapatang mabuksan at mawasto ang kaugnay na naturang personal na data. Ang anumang mga kahilingan para sa pagbubukas o pagwawasto ng personal na data ay dapat gawin sa pamamagitan ng sulat gamit ang mga kaparaanang nabanggit sa talata 64 sa ibaba.

64. Isasaalang-aling naming mabuti ang lahat ng mga komento at mungkahing natanggap. Ang sinumang tao o mga organisasyong nais magbigay ng mga pananaw ay inaanyayahang ipadala ang mga ito sa Constitutional and Mainland Affairs Bureau (CMAB) sa o bago ang ika-9 ng Abril 2021:

sa koreo: Team 5
 Constitutional and Mainland Affairs Bureau
 Central Government Offices
 12/F, East Wing

2 Tim Mei Avenue, Tamar, Hong Kong
sa fax: 2840 0657
sa e-mail: crc_consultation@cmab.gov.hk

Constitutional and Mainland Affairs Bureau
Pebrero 2021

[Ang dokumentong ito ay isinalin mula sa Tsino/Ingles. Kung mayroong anumang pagkakaiba sa pagitan ng bersyong Tsino/Ingles at sa isinaling bersyon, ang bersyong Tsino/Ingles ang siyang mangingibabaw.]